Ⅴ -2 Bisikleta (*Jitensha*)

1. Pagbili ng Bisikleta

Makakabili ng bisikleta sa tindahan ng bisikleta o DIY Center (*Home Center*), atbp. Sa pagbili ng bisikleta, kailangang magpaparehistro sa “crime prevention registration” o *bouhantouroku.* Ang halaga dito ay 500 Yen kada isang bisikleta.

2. Pagparada ng Bisikleta

Hinihiling na iparada ang bisikleta sa lugar na hindi nakakaabala sa mga taong dumadaan. May mga lugar na ipinagbabawal ang pagpaparada ng bisikleta ayon sa regulasyon ng munisipyo, lalo sa malapit o bandang istasyon. Kung ipaparada ang bisikleta sa nasabing lugar, magiging sagabal ito sa daanan ng mga matatanda at ng mga may kapansanan sa paningin o bulag.

Kapag lumabag sa regulasyon; nagparada sa mga ipinagbabawal na lugar, maaaring dalhin o ilipat nang sapilitan ang inyong bisikleta sa lugar ng mga bisikleta. Sa pagtubos o kung gustong makuha ang bisikleta ay kinakailangang magbayad para sa paglilipat, pagdala at pagtatago ng bisikleta. Kapag dinala ang bisikleta, maaring itanong sa munisipyo kung saan ito dinala, kung magkano ang bayad, at anong araw at oras maaaring tubusin. Dapat ding sabihin ang petsa at oras kung kalian tinanggal ang bisikleta,. (⇒ Tingnan ang pahina Ⅸ-1 64 ng kalakip)



3. Kapag Ninakaw ang Bisikleta

Kung ninakaw ang bisikleta, ipagbigay-alam sa malapit na istasyon ng pulisya. Makikipag-ugnayan ang pulis sakaling nakita ang bisikleta ninakaw, kaya makabubuting isulat ang pangalan at address ng tirahan ng may-ari ng bisikleta.

4. Huwag mamulot ng bisikleta

Kahit na sa palagay mo na ang bisikleta ay tinapon na, maaaring ito ay ninakaw lang ng kung sino at iniwanan na lang sa isang tabi. Kapag sumakay o ginamit ang ninakaw na bisikleta at kung naireport ang pagnanakaw nito, maaaring masangkot sa problema o sa gulo, kaya makabubuting huwag mamulot o gumamit ng tinapon na bisikleta.

5. Mga Batas Trapiko

Karaniwan ang daanan para sa bisikleta ay daan ng mga kotse. Sa daan ng kotse, kailangang dumaan sa bandang kaliwa, at sumunod sa hudyat pamtrapiko (traffic lignts, o *singou*) katulad ng mga kotse. Bawal sumakay ang dalawa sa isang bisikleta. (Ito ay maliban sa pagsasakay ng isang batang wala pa sa 6 na taon, nang gamitin ang upuan para sa bata. Kailangan din na higit 16 na taon gulang ang magmaneho.)

Karaniwang bawal ang pagpapatakbo ng bisekleta sa sidewalk pero may mga lugar na bawal dumaan ang bisekleta sa kalsada kaya pinapahintulutan ang pagdaan sa sidewalk. Sa mga ganitong pagkakataon, dumaan lamang sa gilid ng sidewalk at magbigay daan sa mga tao na naglalakad. Siguraduhing bukas ang ilaw kung magbibisikleta sa gabi. Sa Osaka Prefecture, pinagbabawal ang pagmamaneho habang tumatawag sa cellphone.